Protektahan ang mga Manggagawang Pamilya sa gitna ng Pagsiklab ng Coronavirus!

Ang paglitaw ng bagong virus Covid-19 at ang mabilis na pagkalat nito sa buong mundo at sa Canada ay kinakailangan ang mga kinatawan ng ating pederal at provincial na pamahalaan para magpatibay ng mga hakbang na pang-emergency para maproteksiyonan ang ating mga manggagawang pamilya sa buong Canada.

Habang sama sama tayong kumikilos upang mapigilan ang pagkalat ng Covid-19, libu-libong manggagawa ang mawawalan ng trabaho o kita na para sa kanilang pangunahing gastusin at pangangailangang medikal.

Dahil dito, nananawagan kami sa Pederal at Provincial na Pamahalaan upang gumawa ng agarang aksyon sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga sumusunod na proteksyon para sa mga manggagawang pamilya:

1. Rebisahin ang Employment Standards Act para maipasama ang bayad na araw ng pagkakasakit para sa lahat ng manggagawa;

2. Isakatuparan ang PharmaCare para sa Lahat sa buong Canada upang ang lahat ng mga manggagawa ay makagamit ng mga mediko na nakakasagip ng buhay;

3. Tanggalin ang waiting period at mga kinakailangang kwalipikasyon para sa pag enrol ng Employment Insurance (EI);

4. Magbigay ng suporta para sa pag-aalaga sa mga anak ng mga manggagawang pamilya na kinakailangan pa ring magtrabaho habang ang mga paaralan ay nananatiling sarado.

5. Pansamantalang ipatigil ang pagbayad ng mortgage, rent at utility bills para sa mga manggagawang na- lay off.